

**Sentro ng Legal na Tulong para sa mga Karapatang Pantao  
(Human Rights Legal Support Centre)**

 **Opisina ng Pagtatanggol para sa  
Saykayatrikong Pasyente**

**GABAY SA IMPORMASYON**

**Mga Aplikasyon para sa mga Karapatang Pantao:  
Diskriminasyon at Panliligalig**

**PAGTATUWA:** Ang gabay na ito ay naglalaman lamang ng pangkalahatang impormasyon. Ito ay hindi isang legal na payo tungkol sa iyong sitwasyon. Kailangan mong kumunsulta sa isang abogado o isang legal na trabahador para sa pagpapayo tungkol sa iyong partikular na sitwasyon.

***Ano ang Human Rights Codeng Ontario?***

- Ang *Human Rights Code* (ang *Code*) ng Ontario ay isang mahalagang batas. Ito ay pumoprotekta sa lahat ng nasa Ontario mula sa diskriminasyon at panliligalig. Ang lahat ng ibang mga batas sa Ontario ay nararapat na maging kaalinsunod sa *Code*.
- Simula nang Hunyo 30, 2008 nagkaroon bagong batas para sa mga karapatang pantao sa Ontario. Ang Komisyon ng mga Karapatang Pantao (Human Rights Commission) ay hindi na nag-iimbestiga ng indibidwal na mga reklamong nauukol sa mga karapatang pantao. Sa halip, ang lahat ng mga aplikasyon ay inihaharap ng direktso sa Husgado ng mga Karapatang Pantao ng Ontario (Ontario Human Rights Tribunal). Ang bagong Sentro ng Legal na Tulong para sa mga Karapatang Pantao (Human Rights Legal Support Centre) ay maaring makatulong sa mga tao na nadiskrimina laban sa paghaharap ng kanilang aplikasyon sa Tribunal.
- **Ang Husgado ng mga Karapatang Pantao (Ontario Human Rights Tribunal)** (ang Tribunal) ang may pananagutan na siguraduhing ang *Code* ay naipapatupad at iginagalang.
- Ikaw ay maaring magharap ng isang aplikasyon sa Tribunal kung sa iyong paniniwala ikaw ay nadiskrimina laban sa o naliligalig dahil sa iyong lahi, sex, seksuwal na oryentasyon, kulay, ninuno, lugar ng pinagmulan, pinagmulang etniko, estado ng pagkakasal (pati na ang common-law, dibrsyado at mga hiwalay na relasyon), edad, kapansanan, pagkamamamayan, estado ng

pamilya o relihiyon. Maari ka ring magharap ng aplikasyon kung ikaw ay diniskrimina laban sa pabahay dahil sa ikaw ay tumatanggap ng pangmadlang tulong (social assistance), o ikaw ay diniskrimina sa trabaho dahil sa isang kriminal na rekord na napatawad na. Ang mga ito ay kinikilala bilang mga “ipinagbabawal na mga sanhi” ng diskriminasyon sa ilalim ng *Code*.

Ang pagpoprotekta sa mga karapatang pantao ay responsibilidad ng bawat isa. Lahat tayo ay may obligasyon na igalang ang mga karapatang pantao ng bawat isa at magsalita ng laban sa diskriminasyon at panliligalig para sa ating mga sarili at para sa iba.

### ***Ano ang Diskriminasyon?***

- Ang pagtatrato sa isang tao ng hindi makatarungan, pagkakait ng isang benepisyo, paghihiwalay, pagpapataw ng mga obligasyon, pagdisbentahe, atbp. dahil sa isang katangian o nakitang katangian sa ilalim ng *Code*. Ang hangarin ay hindi kailangan para patunayan ang diskriminasyon.
- Ikaw ay may karapatan na maging malaya mula sa diskriminasyon at panliligalig sa iyong trabaho, mga pasilidad at mga serbisyo (mga pamilihan, mga restawran, transit, mga ospital, mga paaralan at iba pang mga lugar na pampubliko), pabahay, mga kontrata, at pagkasapi sa mga unyon o mga asosasyong pangbokasyonal.

### ***Ano ang panliligalig?***

- Ang panliligalig ay isang uri ng diskriminasyon. Kasama dito ang nakakasakit na pag-uugali, mga komenta o mga insulto na base sa isa o mahigit sa isa sa mga ipinagbabawal na mga sanhi ng diskriminasyon sa *Code*. Ang panliligalig ay nangyayari din kapag ang mga tao ay nagsasabi ng isang bagay na alam nilang makakapagpasama sa iyong pakiramdam.
- Kasama sa mga halimbawa ng panlahing panliligalig ang mga pagtutuya o pagbibiro at mga insulto dahil sa iyong panlahing pagkakakilanlan. Kasali sa mga halimbawa ng seksuwal na panliligalig ang pagpapakita ng mahahalay na mga litrato at pagtitig o pagsasabi ng hindi nakalulugod na mga komenta ukol sa iyong katawan.

### ***Ano ang “hindi tuwirang diskriminasyon” at “constructive na diskriminasyon”?***

- Ang hindi tuwirang diskriminasyon ay nangyayari kapag ang diskriminasyon ay isinagawa sa pamamagitan ng ibang tao. Halimbawa, ang isang kasero ay hindi direktang nagdidiskrimina kung sasabihin niya sa superintende na

huwag tumanggap ng mga uupa na may maliliit na bata o mga taong may isang kapansanan.

- Ang “constructive” na diskriminasyon ay tumutukoy sa mga patakaran o mga pinagkaugalian na maaring hindi tinangka o maliwanag na diskriminatoryo ngunit may diskriminatoryong *epekto* sa isang grupo o mga grupo na protektado sa ilalim ng *Code*. Halimbawa, kung ang isang maypatrabaho ay may patakaran na walang maaaring magsuot ng mga panakip sa ulo, ang maypatrabaho ay “constructively” na nagdiskrimina laban sa mga tao na may relihiyon na nanghihingi sa kanila na magsuot ng mga panakip sa ulo.

### ***Ano ang “pakikibagay”(accommodation) at “hindi nararapat na paghihirap”(“undue hardship”)?***

- Ang “katungkulan na makibagay” ay nanghihingi na ang bawa’t maypatrabaho, kasero o tagapagbigay-serbisyo (tulad ng isang ospital) ay gumawa ng mga risonableng hakbang para palitan ang mga patakaran o mga gawi sa pamamagitan ng paggawa ng alternatibong mga pag-aayos na makakapagpahintulot sa iyo ng kapantay na akses. Ang pakikibagay ay mag-iiba-iba ayon sa mga pangangailangan ng bawa’t tao. Kasama sa ilan sa mga halimbawa ng pakikibagay ang: paglalagay ng isang rampa para sa upuang di-gulong(wheelchair), pagdaragdag ng pleksibilidad sa mga oras ng trabaho o mga oras ng pahinga; paglalaan ng mga tagasalin-wika sa pamamagitan ng senyales para sa mga bingi upang sila ay makasali sa mga pagpupulong; at pagbabago ng istruktura sa trabaho, muling pagsasanay o pagtatakda sa isang alternatibong posisyon.
- Ang pakikibagay ay dapat na mangyari maliban lamang kung ito ay magiging sanhi ng “hindi nararapat na paghihirap”. Tatlong mga sanhi ang tinitingnan upang malaman kung mayroong hindi nararapat na paghihirap: laki ng gastos; kung may mapagkukunang pondo na maaring magamit; at kalusugan at mga pangangailan para sa kaligtasan. Ang maypatrabaho o tagapagbigay-serbisyo ay hindi maaring magpahayag ng “hindi nararapat na paghihirap” dahil lamang halimbawa, sa ang gagastusin sa pagpapagawa ng isang magagamit na banyo ay mahal. Kailangan nilang patunayan na ang gastos ay napakalaki kung kaya’t ito ay talagang makakasagabal sa pagpapatakbo ng negosyo.

### ***Isa bang kapansanan ang karamdaman sa pag-iisip?***

- Oo, ang karamdaman sa pag-iisip ay isang kapansanan sa ilalim ng *Code*. Ikaw ay hindi maaring diskriminahin laban sa o ligaligin dahil sa ikaw ay isang pasyente sa isang ospital o dahil sa anumang karamdaman na maaring ikaw ay mayroon.

***Sa alin pang bagay ako pinoprotektahan ng Code?***

- Kung ang pagtatrato sa iyo ay kakaiba dahil sa ipinahayag mo ang iyong mga karapatan sa ilalim ng *Code*, iyon ay ipinapalagay na “paghihiganti.” Pinoprotektahan ka ng *Code* mula sa mga paghihiganti o mga pananakot ng paghihiganti. Ikaw rin ay protektado mula sa paghihiganti kapag ikaw ay tumanggi na magdiskrimina sa iba, o kung saan ikaw ay umayaw sa isang paghihiging sekswal.

***Ano ang iyong magagawa tungkol sa diskriminasyon o panliligalig?***

- Kung ikaw ay nadiskrimina o nililigalig:
  - a) Sabihin sa tao na nakasakit na ang kanyang inaasal ay hindi maaring tanggapin, at hingiin sa taong iyon na huminto. Kung mahirap itong gawin na mag-isa, sabihin sa isang kaibigan na ikaw ay samahan.
  - b) Magtago ng isang nakasulat na ulat ng:
    - kung anong nangyari
    - kailan ito nangyari
    - saan ito nangyari
    - ano ang sinabi o ginawa at kung sino ang nagsabi o gumawa nito
    - sinong nakakita sa nangyari
    - ano ang ginawa mo sa pagkakatong iyon
  - c) Kung ang diskriminasyon o panliligalig ay nangyayari sa trabaho, at ikaw ay may unyon, makipag-usap sa kinatawan ng iyong unyon. Kung ikaw ay nasa pasilidad ng pangkaisipang kalusugan, siyasatin sa tauhan ng ward o sa iyong Tagapagtanggol ng Pasyente (Patient Advocate) para malaman kung anong pamamaraan ng pagrereklamo ang siyang makakapag-adres sa diskriminasyon at panliligalig.
- Kung sa iyong pakiramdam ang bagay na ito ay hindi tunay na nabigyan ng pansin o nagpapatuloy pa rin, maari mong piliin na magharap ng isang aplikasyon para sa mga karapatang pantao sa Tribunal.

***Paano ako magharap ng isang aplikasyon para sa mga karapatang pantao sa Tribunal?***

- Ikaw ay may karapatang magharap ng isang aplikasyon sa Husgado ng mga Karapatang Pantao (Ontario Human Rights Tribunal) kung ikaw ay nadiskrimina o naligalig dahil sa iyong kapansanan o lahi o anumang ipinagbabawal na sanhi sa *Code*.

- Ang Tribunal ang nakikinig at nagpapasya sa mga aplikasyon para sa mga karapatang pantao. Ang proseso ay dinisenyo upang ito ay maging mas mabilis at maging hindi kasing pormal ng isang normal na proseso sa korte.
- Sa oras na ang iyong aplikasyon ay maiharap, maaring abutin ito ng humigit kumulang isang taon para ito ay mapagpasyahan. Gayon pa man, ang mga partido ay may pagkakataon na sumubok at ayusin ang aplikasyon sa pamamaraan ng pamamagitan kung sila ay parehong pumayag na gawin ito.
- Ang **Sentro ng Legal na Tulong para sa mga Karapatang Pantao (Human Rights Legal Support Centre)** ay maaring makatulong sa iyo para sa iyong aplikasyon. Ang 22 mga abogado at tauhan ng Sentro ay mga ispesyalista sa mga karapatang pantao na nagbibigay ng libreng payo at mga serbisyo. Sila ay independiente sa Tribunal at walang kinalaman sa pamahalaan. Sila ay maaring: makapagbigay ng payo sa iyo tungkol sa iyong kaso, makatulong sa iyo na kumpletuhin ang iyong aplikasyon, makipag-usap para sa iyo sa tao (mga tao) o organisayon (mga orgainsayon) na iyong inihabla at sa Tribunal, at posibleng irepresenta ka sa iyong pamamagitan o sa isang paglilitis.

### ***Ang aplikasyon***

- Kailangan mong iharap ang iyong aplikasyon sa loob ng **isang taon** mula sa petsa na maganap ang diskriminasyon. Kung mayroong magkakasunod na mga pangyayari ng diskriminasyon, kailangan kang magharap sa loob ng isang taon nang huling pangyayari. Maaring pahabain ng Tribunal ang panahong ito kung ikaw ay mayroong mabuting dahilan sa pagpa-file ng huli, kagaya ng pagiging nasa ospital o bilangguan, o kaya ay hindi mo alam ang tungkol sa diskriminasyon hanggang sa mahigit na isang taon na ang nakalipas.
- Hihingiin ng tauhan ng Tribunal ang iyong pangalan, tirahan, numero ng telepono at kung mas gusto mong makatanggap ng mga dokumento sa pamamagitan ng e-mail, o fax. Padadalhan ka nila ng isang pakete ng impormasyon na kasama ang application form at isang guide. Maari mo ring i-download ang mga form mula sa website ng Tribunal, o i-file ng direktso ang iyong aplikasyon sa pamamagitan ng kanilang website na gumagamit ng kanilang “smart form.”
- Kinakailangan sa application form na iyong ilarawan kung ano ang nangyari (sino, kailan, ano at saan); kung paano ka naapektuhan ng mga pangyayari; at anong kabayaran o remedyo ang iyong hinihingi. Hihingiin rin nito na maliwanag mong ipakilala ang pangalan ng tao (mga tao), kumpanya, orgainisayong nagsisilbi, o Ministeryo ng pamahalaan na iyong inihaharap (na tinutukoy ring “Katugon”), anumang mga dokumento na maaring sumuporta

sa iyong paghahabol, at kung mayroong sinumang mga testigo sa mga pangyayari. Ang listahan ng testigo ay kumpidensyal at hindi ipadadala sa Katugon.

- Ang Tribunal ay mayroon ding polisa ng pagkapribado. Sa ilang mga kaso, maari nilang siguraduhin na ang iyong pangalan ay hindi lalabas sa anumang mga pampublikong mga dokumento. Kailangan mong ipaalam sa Tribunal ang tungkol sa iyong mga alalahanin ukol sa pagkapribado. Maari mo ring i-file ang iyong aplikasyon sa pamamagitan ng isang ahente, tulad ng isang abogado o hindi binayarang kaibigan o miyembro ng pamilya. Sisiguraduhin nito na ang iyong personal na impormasyon para sa kontak ay hindi maipadala sa Katugon.

### ***Ano ang mangyayari sa sandaling mai-file ko na ang aplikasyon?***

- Matapos nilang matanggap ang iyong nakumpletong form, sisiguruhin ng Tribunal na ito ay kumpleto at nasasaklawan sa ilalim ng *Code*. Magkakaroon ka ng pagkakataon na ayusin ang anumang mga problema sa iyong aplikasyon.
- Sa oras na ang iyong aplikasyon ay matanggap, magpapadala ang Tribunal ng isang kopya ng aplikasyon sa Katugon (mga Katugon). Tatanggalin ng Tribunal ang listahan ng mga testigo at ang iyong personal na kontak na impormasyon (kung hiningi mo sa kanila at binigyan mo sila ng isang alternatibong kontak na tirahan). Hihingiin nila sa Katugon na kumpletuhin ang form para sa Pagtugon (Response form).
- Magkakaroon ka ng pagkakataon na tumugon sa anumang bagong impormasyon na ibibigay ng Katugon sa isang Sagot (Reply).
- Ang parehong partido sa aplikasyon ay maaring sumang-ayon na magganap ng isang pamamagitan. Ang prosesong ito ay pamumunuan ng isang “Tribunal adjudicator”. Ito ay isang kumpidensiyal na pagtatangka upang lutasin ang isyu sa pagitan mo at ng Katugon bago pumunta sa isang Tribunal na paglilitis.
- Kung hindi maging matagumpay ang pamamagitan, maggaganap pagkatapos ang Tribunal ng isang paglilitis para gumawa ng kapasyahan tungkol sa iyong aplikasyon.

### ***Saan ako makakakuha ng tulong para sa aking aplikasyon?***

- Kung kailangan mo ng tulong para sa iyong aplikasyon, makipag-ugnay sa Sentro ng Legal na Tulong para sa mga Karapatang Pantao (Human Rights

Legal Support Centre).

- Maari ka ring umupa ng isang pribadong abogado, o pumili ng isang hindi binayarang kaibigan o miyembro ng pamilya na kumatawan sa iyo bilang iyong ahente. Kung gusto mong umupa ng isang pribadong abogado at mababa ang iyong kinikita maari kang maging kuwalipikado para sa isang legal aid na sertipiko.
- Bibigyan ka ng Tribunal ng mga serbisyo para sa pagsasalin-wika o interpretasyon sa pamamagitan ng senyales para ganap kang makasali sa iyong paglilitis o pamamagitan. Ang mga paghingi para sa mga serbisyo ng pagsasalin-wika o interpretasyon sa pamamagitan ng senyales ay kailangang gawain sa Tagapagtala (Registrar) sa Tribunal sa maaring pinakamaagang panahon ng proseso.

### ***Ano ang maaring iutos ng Tribunal?***

- Kung mapatunayan ng Tribunal na ikaw ay diniskrimina o niligalig, maari nilang ipag-utos sa Katugon:
  - na magbayad sa iyo ng “pangkalahatang mga pinsala” para sa kawalan ng dangal, damdamin at respeto sa sarili;
  - na magbayad sa iyo para sa “ispesyal na mga pinsala” para sa mga pera na iyong nawala, kagaya ng hindi makatarungang pagtataas ng renta o nawalang mga sahod.
- Maari ring ipag-utos ng Tribunal sa Katugon na gumawa ng isang bagay na makakapagbalik sa iyo sa isang posisyon na dapat mong kinaroroonan kung hindi nangyari ang diskriminasyon. Halimbawa, kung nawalan ka ng trabaho dahil sa diskriminasyon, maaring iutos ng Tribunal na ibalik kang muli sa iyong trabaho.
- Maari ring maglabas ang Tribunal ng isang pampublikong interes na mga remedyo, gaya ng paghingi sa mga maypatrabaho o sa pamahalaan na magpalit ng mga pamamaraan o magsagawa ng mga polisa para sa mga karapatang pantao, o manghingi sa Katugon na kumuha ng pagsasanay para sa mga karapatang pantao. Maari ka ring humingi ng gayong mga remedyo sa iyong aplikasyon.

**Maari bang tanggihan ng Husgado ng mga Karapatang Pantao (Human Rights Tribunal) ang aking aplikasyon?**

- Pakikikinggan lamang ng Tribunal ang mga aplikasyon para sa mga karapatang pantao na nagmumula sa mga sitwasyon na nasasakupan ng mga batas ng Probinsiya ng Ontario. Karaniwang kasama sa gayong mga bagay ang pagtatrabaho, kontrata, pampublikong sasakyan, pabahay, kalusugan, edukasyon, at mga serbisyong tulad ng mga pamilihan at mga restawran.
- Maaring tanggihan o idespatsa ng Tribunal ang iyong aplikasyon kung:
  - Ang diskriminatoryong pangyayari ay naganap sa labas ng Ontario (bagamat may mga eksepsyon sa patakarang ito).
  - Ang iyong kaso ay hindi nasasakupan ng mga batas ng Ontario, tulad ng kung saan ito ay isang bagay sa pederal na batas. Kasama sa mga aktibidad na pinamamahalaan ng pederal na batas ang pagbibiyaha sa eroplano, mga chartered na bangko, telebisyon at mga istasyon ng radyo, mga kumpanya ng telepono, mga departamyento at mga ahensiya ng pamahalaang pederal, at mga korporasyon ng Korona. Ang mga reklamo tungkol sa mga serbisyong ito ay pinakikikinggan ng Husgado ng mga Karapatang Pantao ng Canada (Canadian Human Rights Tribunal) na kumikilos sa ilalim ng *Canadian Human Rights Act*. Para sa tulong, kontakin online ang Komisyon para sa mga Karapatang Pantao ng Canada (Canadian Human Rights Commission) sa <http://www.chrc-ccdp.ca/> o sa pamamagitan ng telepono sa 1-888-214-1090.
  - Nakapagharap ka na ng isang paghahabol sa pamamagitan ng ibang paraan, tulad ng sibil na korte, isang reklamo sa unyon, o sa Lupon ng Kasero at Umuupa (Landlord and Tenant Board). Sa ilang mga kaso, maaring payagan ng Tribunal ang iyong aplikasyon ngunit ipagpaliban o ipagpa-ibang-araw ito hanggang sa yung isa pang paglilitis ay makumpleto. Magkakaroon ka ng pagkakataon na ipaliwanag kung bakit yung isang paglilitis ay hindi angkop na nagtatrato sa nilalaman ng iyong aplikasyon.
- Maari ring tanggihan o iwaksi ng Tribunal ang iyong aplikasyon kung ikaw ay nagharap na nang parehong reklamo tungkol sa parehong insidente sa “lumang” Komisyon ng mga Karapatang Pantao (Human Rights Commission) bago mag ika-30 ng Hunyo, 2008.

***Mayroon pa ba akong ibang mga legal na opsyon kung nakapagharap na ako ng aplikasyon sa Husgado ng mga Karapatang Pantao (Human Rights Tribunal)?***

- Maaring may ibang mga legal na ruta na maari mong magamit sa halip na, o bilang karagdagan sa isang aplikasyon para sa mga karapatang pantao. Gayon pa man, ang isang aplikasyon ay maaring magkaroon ng epekto sa ibang mga opsyon. Kailangan mong makipag-usap sa iyong abogado tungkol sa pinakamabuting paraan.

***Paano kung nakapagharap na ako ng isang reklamo ukol sa mga karapatang pantao sa Komisyon?***

- Kung nagharap ka na ng isang reklamo ukol sa mga karapatang pantao sa Komisyon bago ika-30 ng Hunyo, 2008, at ang prosesong iyon ay hindi pa nakukumpleto, ang iyong file ay ipapalagay bilang isang “transition file.” Nasa sa iyo na ang pagpapasya kung paano tatratuhin ang iyong file. Narito ang iyong mga opsyon:
  - Maari mong piliin na pahintulutan ang Komisyon na ipagpatuloy ang pag-iimbestiga ng iyong reklamo. Gagawin ito ng Komisyon hanggang sa ika-31 ng Disyembre, 2008.
  - Maari mong piliin na ilipat ang iyong umiiral na reklamo sa Tribunal sa ilalim ng kanilang mga ispesyal na mga patakaran. Kailangan mong gawin ang paglilipat na ito bago mag ika-31 ng Diyembre, 2008. Kasama sa prosesong ito ang isang sesyon ng mandatoryong pamamagitan. Gayon pa man, ito ay hindi pinakamahusay na opsyon para sa mga mahirap na mga kaso kung saan ang mga partido ay hindi nagkakasundo tungkol sa nangyari, o kung saan may mga ekspertong testigo na kasangkot.
  - Pagkatapos ng ika-31 ng Disyembre, 2008, ipinahiwatig ng Tribunal na ang umiiral na mga reklamo ay maaring ilipat at repasuhin sa ilalim ng mga patakaran para sa isang mas mabilis na pagpapasya hanggang ika-30 ng Hunyo, 2009. Ang mga kasong ito ay magbibigay ng pamamagitan.
  - Bago mag-Hunyo 30<sup>th</sup>, 2009, kailangang mailipat mo ang iyong reklamo mula sa Komisyon papunta sa Tribunal o ito ay ihihinto. Responsibilidad mo ito na siguraduhing ang reklamo ay nailipat.
- Para matulungan ka sa paglilipat, kailangan mong kontakin ang Tribunal Transfer Registrar sa (416) 314-8419. Para sa mas higit na impormasyon sa iyong mga opsyon, maari mo ring bisitahin ang:  
<http://www.ohrc.on.ca/en/commission/mission/options/>.

---

***Makakatulong na mga Kontak***

- Maari mong tawagan ang Tribunal mula Lunes hanggang Biyernes sa oras ng trabaho sa (416) 326-1519 (sa Toronto) o libreng-tawag 1-866-598-0322. Ang mga taong may kapansanan sa pandinig ay maaring tumawag sa kanilang TTY (416) 326-2027 (sa Toronto) o libreng-tawag 1-866-607-1240. Ang mas higit na impormasyon ay makikita sa website ng Tribunal sa:  
<http://www.hrto.ca>.

***Magharap ng isang bagong aplikasyon sa Tribunal:***

- Richard Hennessy, Tagapagtala (Registrar)  
Human Rights Tribunal of Ontario  
655 Bay Street 14th Floor  
Toronto, ON M7A 1X8
- O maari mong ipadala ang iyong aplikasyon sa pamamagitan ng email sa [HRTO.Registrar@ontario.ca](mailto:HRTO.Registrar@ontario.ca), o sa pamamagitan ng fax sa (416) 326-2199 o (Libreng-Tawag): 1-866-355-6099.

***Tulong sa pagpa-file ng aplikasyon***

- Human Rights Legal Support Centre  
400 University Avenue, 7th Floor, Toronto, ON, M7A 1X8  
Tel (Toronto): 416-314-6266  
Libreng-Tawag: 1-866-625-5179  
TTY (Toronto): 416-314-6651  
TTY Libreng-Tawag: 1-866-612-8627  
Website: [www.hrlsc.on.ca](http://www.hrlsc.on.ca)

***Para sa mga Transisyonal na mga aplikasyon at mga Reklamong Isinangguni ng Komisyon (Commission Referred Complaints), kontakin si***

Patricia M. Grenier, Tagapagtala (Registrar) – Transition  
Human Rights Tribunal of Ontario  
655 Bay Street, 14th floor  
Toronto, ON M7A 2A3

Tel (Toronto): (416) 314-8419  
Tel (Libreng-Tawag): 1-866-598-0322  
TTY: (416) 314-2379  
TTY (Libreng-Tawag): 1-800-424-1168  
Fax: (416) 314-8743  
Email: [HRTO.Registrar-Transition@ontario.ca](mailto:HRTO.Registrar-Transition@ontario.ca)

---

***Mga tanong tungkol sa iyong mga karapatan bilang isang saykayatrikong pasyente?***

Kung ikaw ay may mga tanong, kontakin ang iyong local na Tagapagtanggol ng Pasyente (Patient Advocate) o tumawag sa sentral na tanggapan ng Opisina ng Tagapagtanggol ng Saykayatrikong Pasyente (Psychiatric Patient Advocate Office) sa 1-800-578-2343.